

## WELCOME

Naranasan mo na bang malagay sa panganib ang buhay mo? Paano mo hinarap ang sitwasyong ito? Ano ang naramdaman mo pagkatapos?

## WORSHIP

Ibahagi ang isang katangian ng Diyos na naging mas malinaw sa iyo noong mga nagdaang araw. Sa anong paraan ito mas naging malinaw?

## WORD

**Layunin:** *Pagkatapos ng araling ito, inaasahan ang bawat miyembro na...*



*Head (Know):* Mas maunawaan ang ibig sabihin ng palagiang pagsama ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng paghahalintulad sa ibang mga bagay.



*Heart (Be):* Magtiwala palagi sa Diyos na sila'y di iiwan anuman ang kinalalagyan sa buhay.



*Hand (Do):* Matutong magpasalamat at magpuri sa Diyos sa anumang lugar, panahon o sitwasyon.

## Panimula

1. Sino ang isang taong matagal mo nang hindi nakakasama na gusto mo ngayong makasama? Bakit? Anong magbabago sa buhay mo kapag kasama mo siya?

Tulay tungo sa Talakayan: May mga taong mahalaga sa atin na hinahanap natin kapag wala na sila (maaaring namatay na o kaya'y nasa ibang bansa). Ngunit dapat nating maunawaan na lagi nating kasama ang Diyos. **Our God is an ever-present God.** Siya'y nasa lahat ng dako. Walang lugar sa buong sanlibutan na di abot ng presensya ng Diyos. Ang laki ng maiiba sa pamumuhay natin kung isasapuso natin ang katotohanang ito.

## Talakayan

2. Basahin ang Awit 139:7-12. Ang Diyos ay espiritu (Juan 4:23) kaya't di natin malilimitahan ang presensya niya. Sa anong bagay maaari nating maihalintuhad ang palagiang pagsama (omnipresence) ng Diyos? Mag-isip ng bagay na laging nandyan saanman at anong oras man.

3. Basahin ang Awit 90:8 at Hebreo 4:13. May mga kasalanan bang maari tayong maitago sa Diyos? Bakit?

4. Paano makatutulong sa pakikipaglaban natin sa tukso at kasalanan ang kaalaman na palagiang kasama natin ang Diyos?

5. Basahin ang Hebreo 13:5 at Awit 145:18. May mga sitwasyon ba sa buhay natin na di natin kasama ang Diyos? Patunayan.

6. Paano makatutulong sa mga nababalisa at nalulungkot ang katotohanang ang Diyos ay laging kasama ng kanyang mga anak?

## Pagsasabuhay

7. Paano nakatulong ang aralin na ito sa iyo upang lalo mong makilala ang Diyos at upang ikaw ay lumago sa buhay Kristiyano?

8. Anong tukso o pagsubok ang kasalukuyan mong pinagdaraan? Paano makatutulong sa iyo ang aralin ngayon upang mapagtagumpayan ang mga ito? Ano ang maaari mong gawin upang maisabuhay ang katotohanang “kasama natin ang Diyos”?

## Memory Verse of the Week:

*Kabutiha't pag-ibig mo sa aki'y di magkukulang, siyang makakasama ko habang ako'y nabubuhay; at magpakailanma'y sa bahay ni Yahweh mananahan. (Awit 23:6)*

## WORKS

Anong isang bagay ang nais mo na mabago o masimulang mangyari sa church o sa Kaagapay? Anong hakbang ang maaari nating gawin bilang indibidwal upang mangyari ito? Ilapit ito sa Diyos sa panalangin.